Intsik, parang lugaw ang katawan. Hayaan mo't ako ang bahala! Halika, sumunod ka sa akin, —ang yaya ni Carmen sa Intsik.

Tinungo nila ang silid bilang 6.

Nang marinig ni Margarita ang yabag ni Carmen at ng Intsik, siya'y humanda.

Sumandal si Margarita sa pintuan, at mariing pinigilan ang pihitan ng pintuan. Sa lakas, pinipihit din ni Carmen ang pihitan.

Hindi mapihit ni Carmen ang pintuan. Lumingon siya sa Intsik at ito'y nginitian, saka marahan siyang kumatok. Nguni't narinig ni Carmen ang pagbayo ni Margarita sa pintuan. Muling napangiti siya sa Intsik. saka napailing.

—Ineng.. huwag ka nang magmatigas... —parang nangungutyang wika ni Carmen kay Margarita, na nasa loob.

Sapat ang salitang iyon ni Carmen, at ang kanyang tinig ay nakilala agad ni Margarita. Nalito siya. Hindi niya malaman ang kanyang gagawin.

—Ang hanap-buhay na ito ay madali, at masusunod mo ang lahat nang hilig ng katawan mo! parang pagunita pa ni Carmen kay Margarita.

Sadyang iyon nga ang tinig ni Carmen, nawika ni Margarita sa sarili.

—Tingnan mo ako, Ineng.... dati-rati, hirap na hirap ako, at kadalasan, hindi ako kumakain! —dugtong pa ni Carmen.

—Nguni't nang pasukin ko ang hanap-buhay na ito, tingnan mo, sariwa ako ngayon at maraming salapi! Malalasap mo rin ang kaginhawahang tinatamasa ko ngayon, kung yayakapin mo ang hanapbuhay na ito!

# MARGARITA

## (MAKASALANANG BIRHEN)

Walang sumasagot.

—Pumayag ka na. Buksan mo ang pinto, Ineng. Lahat nang sinabi ko ay para din sa iyong kabutihan!

Hindi rin kumikibo si Margarita sa loob ng silid.

—Payong kapatid ang ipinangangaral ko sa iyo, Ineng. Buksan mo na sana, at...

Tiningnan ni Margarita ang pihitan ng pinto. At unti-unting pinihit niya iyon. Nakita ni Carmen na untiunting bumubukas ang pinto. Nilingon niya ang Intsik, nginitian, saka kinindatan.

Napangiti rin ang Intsik.

At patuluyang nabuksan ang pinto. Pumasok si Carmen at ang Intsik.

Noon nakilala ni Carmen kung sino ang nasa loob ng silid, na kanyang pinangangaralan sa pangalang "Ineng."

—Naibigan ko ang pangaral mo, Ate. Masarap pala ang buhay mo —masaya, mariwasa, masalapi! sabi ni Maragarita.

Lumapit si Margarita sa hindi makakilos na si Carmen.

—At, tandaan mo Ate, hanggang ngayon ay batas pa ring susundin ko ang anumang iyong ipag-uutos. Yamang iniuutos mo sa akin na ipariwara ko ang aking puri, tulad ng pagkakapariwara ng sa iyo, iyan ay susundin ko! —sabi ni Margarita.

Nguni't ang naging tugon ni Carmen kay Margarita ay isang mariing sampal sa pisngi nito.

Isang mariing sampal din ang iginanti ni Margarita.

—Baka akala mo, totoong susundin ko ang utos mo! Hindi na ako magpapaliwanag pa sa iyo. Sapat ang sabihin kong mula ngayon, ikaw ay ituturing ko nang isang patay! Hindi na kita maaaring kilalaning kapatid! —wika ni Margarita.

Lumakad-lakad na nakapameywang si Margarita sa silid, nguni't siya'y hinarang ng Intsik. Tinabig niya sa mukha ang Intsik, at ito'y muntik nang mapalugmok.

Samantala, balisang-balisa si Carmen. Nagsisimula nang gumiti ang kanyang pawis. Nanlalamig ang dulo ng kanyang mga daliri. Malakas ang kaba ng kanyang dibdib. Ano kaya ang kanyang gagawin? Isang paraan, isang paraan ang kailangang maisip niya. Ang pagkakataon, ay maaaring makatulong, o makasama sa kanya... at ito'y naaayon sa paraang kanyang maiisip.

SA NIGHT CLUB...

ISANG gabi, samantalang umaawit si Margarita, ay dumating si Peping. Nanlaki ang kanyang mga mata. Halos malimutan tuloy niya ang pag-awit. Nang makita naman siya ni Jose, naisip agad nito na kailangang magkausap sila.

Natapos ang pag-awit ni Margarita. Madaling tumungo siya

Sundan sa pahina-95






Ang mahigit na 50 taong karanasan sa paggawa ng sigarilyo at tabako ay siyang matibay na batayan ng mataas na uri ng mga yaring Alhambra.

Alhambra

CIGAR AND CIGARETTE MFG. CO.

31 TAYUMAN, MANILA • TEL. 2-98-96

## General Paua

(Buhat sa pahinà 67)

nap niyang matutuhan, ang gawain ng isang panday. Ang kaalaman at karanasang kanyang natipon ay ngayon niya pakikinabangan...

Isang araw nga ay makikitang si Tenyente Paua ay abala na sa kanyang gawain sa isang pandayan, na ipinatayo niya. Buhus na buhos ang kanyang kalooban sa kanyang gawain...

Isang araw, isang kawal ang dumating sa kanyang pandayan, at pagkatapos luminga-linga, may iniabot na isang sulat sa kanya.

Madaling binuksan ni Tenyente Paua ang sulat, at maingat na binasa ang nilalaman niyon.

—Galing po sa heneral ang sulat na iyan, —sabi ng naghatid na kawal.

Pagkatapos matunghayan ang katatanggap na liham, tinipon ni Tenyente Paua ang lahat nang kanyang mga tauhan sa pandayan.

—Magsipaghanda kayo ngayon din! Ipagtatanggol natin ang Binakayan, na kasalukuyang sinasalakay ng mga kawal Kastila! —ang sabi niya.

Maliwanag sa kanyang mga tauhan ang sinabi ni Tenyente Paua. Noon din, binitiwan nila ang kanilang ginagawa at nagsipaghanda.

Mula roon, nilakbay nila ang Binakayan. Parang naghihintay lamang sa kanila ang labanan. Pagdating na pagdating nila roon, madali silang napalaban sa lakas ng Kastila.

Sa pakikipaglabang iyon ay minsan pang nagpamalas si Tenyente Paua ng kanyang pambihirang katapangan, at dahil doon, siya'y itinaas ng tungkulin. Isa na siyang kapitan ngayon.

Ang totoo, tuwing manggagaling si Paua sa labanan, siya'y laging natataas ng tungkulin sapagka't pinatitibayan niya ang kanyang katapangan at katalinuhan sa pakikipaglaban sa kanilang mga kaaway.

ISANG araw, isang kawal ang dumating sa imbakan ng mga kagamitang-digma...

Lumapit ang kawal sa tanod.

—Sino ang kailangan mo? —tanong ng tanod.

—Nariyan ba si Kapitan Paua? Si Heneral ay may sulat para sa kanya! —tugon ng kawal.

Nakarating kay Kapitan Paua ang sulat ng heneral. Pagkatapos niyang tanggapin iyon, pinaalis na niya ang kawal. Matamang tinunghayan niya ang sulat. At pagkatapos, kinuha ang kanyang sableng nakasabit sa dinding. Masasalamin sa kanyang mukha ang isang suliraning masalimuot at mabigat...

—ITUTULOY—


**DR. FLORENTINO N. SANTOS**

Sa operasyon ng sikmurá,, ápdo, bocio, bituka, pilay at bali

**DRA. CARMEN ENVERGA—SANTOS**

*Post Graduate sa Universidad ng Harvard at Loyola, Amerika*

Sa hindi magkaanak panganganák, sakit sa matris sakit sa obáryo suso— Umaga—sa pakikipagtipanán; Hapon—3-6. R-212 Alcazár Bldg. Cárriedo at Estero Cegado—Tel. 3-70-62. Tahanan—Tel. 60 Local 364R

**DR. B. M. VILLAPANDO**

ESPESYALISTA SA MGA SAKIT SA MATA, ILONG, TAINGA AT LALAMUNAN. Tumitistis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi na kailangang matira sa Ospital. Mga bagong kagamitan sa pagsukat ng salamin sa mata at Rayos-X

WALANG BAYAD ANG KONSULTA KUNG LINGGO

Oras: 9-12 N.U. at 2-5 N.H. — Linggo 9-12 N.U. — Tel. 3-42-82

Pedro Cruz Bldg. Tagiliran ng Simbahan ng Kiyapo, Maynila

**DRA. CELESTINA G. LIM-ESPIRITU M. D.**

Sakit ng babae at Bata, Panganganak ng walang sakit (by trilene) Laging nakukunan at hindi mag-anak, pigilin ang pag-anak, Sirang regla. Masakit na pag-ihi, Almoranas, Tonsil na gagaling ng walang tistis Nerbiyos, Manhid, Rayuma, Tagyawat.

**ESPIRITU MATERNITY & GENERAL CLINIC**

1284 Paz Paco, Mga taga Hilaga, Sakyan ang "Pandakan" o "Stá. Aña" Bus sa Quiapo at bumaba sa Calle Paz malapit sa Obras.

**SARAT na ILONG**

Mapatatangos na pirmihan ng hindi titistisin

Sumangguni kay DR. AMANDO V. SANTOS

Espesyalista sa mga sakit sa MATA, TAINGA ILONG at LALAMUNAN

Klinika—Silid 213 PALOMO BLDG. Azcarraga kanto ng O'Donnel

Konsulta: 9:00-12:00 N.U. — 3:00-6:00 N.H. — Tel. 3-71-25

HOLY ROSARY HOSPITAL & MATERNITY — Mayroong X-RAY

**DR. ROMEO C. MONTES, M.D.**

Espesyalista sa sakit ng bata sa dibdib at sakit na lihim

**DRA. VIRGINIA D. MONTES, M.D.**

Espesyalista sa sakit ng mga babae sa hindi magkaanak, Pangangának at sakit ng mga bata.

Oras: 9-12 N.U. araw-araw 2-6 N.H. maliban kung Linggo.

1425 Narra St. Maynila Tel. 2-63-12


## Makukulay Na Karanasan

(Buhat sa pahinà 47)

wala akong kakaba-kaba. Basta sumakay ako, napahatid sa patutunguhan ko, at pagkatapos, pinapaghintay ko ang tsuper. Nabayaran ko rin naman, sapagka't may pera sa pinatunguhan ko. Pero, isang rekord na iyan, hindi ba? Kung inaakala ninyong malakas din ang inyong loob, subukin ninyong gawin iyan. Makita ko lang...

NATATANDAAN ba ninyo ang tsuper na sinampal ko noong araw? Kung sa bagay ang usaping ito ay matagal nang tapos, at ito'y natapos nang nasisiyahan kaming dalawa ng tsuper. At batid na rin ng madla kung paanong nangyari ang "sakunang" ito.

Pero mayroon akong isasalaysay sa inyo tungkol sa kabiyak ng tsuper na aking tinutukoy. Ang kabiyak pala ng tsuper na iyon ay ubod nang ganda. Mabait, tahimik, masipag, at mahilig sa pelikulang Tagalog. Ang halos hindi ko mapaniwalaan ay ito: ang asawa pala ng tsuper na iyon ay isa sa masusugid kong tagahanga. (Kung sa bagay, ito'y balita lang naman ng iba sa akin.) Nang mangyari nga raw ang "sakunang" iyon, binawalan ng tsuper na manood ng pelikulang Tagalog ang kanyang kabiyak. Iya'y maaaring gawin ng sinumang lalaki, sa sama ng loob. Ipinaalis daw ang mga larawan ko na matiyagang idinikit ng babae sa kanilang mga dinding.

Mangyari pa, hindi maiiwasan ang magkaroon ng kaunting "Sagutan." Masamang-masama ang loob ng babae, nguni't palibhasa'y babae, walang nagawa kundi ang sundin ang ipinag-uutos ng kanyang kabiyak. Inalis ang lahat ng larawan kong nakadikit sa dinding, bagaman masakit na masakit iyon sa kanyang kalooban.

Pero nang magkaintindihan naman kami ng tsuper, isang araw daw, ang tsuper naman ang kumuha sa mga larawan ko, at siya ang nagdikit na muli niyon, sa kanilang dinding. Tuwang-tuwa daw ang babae. Ito'y isa sa mga pangyayari sa aking buhay, na hindi ko na malilimutan. At, kaipala'y hindi kayo maniniwala, lalong napamahal sa akin ang tsuper na iyon. Ang totoo, balang araw ay inaasahan kong ako'y dadalawin niya sa aming tahanan, na kasama ang kanyang kabiyak, na isa ko palang tagahanga.

(ITUTULOY)

## Margarita

(Buhat sa pahinà 49)

bilang pagpupugay sa mga lalaking naroroon, at pagkatapos ay lalong madaling tumalikod at umalis.

—Margarita! Margarita...! —ang tawag sa kanya ni Peping.

Napansin ng iba pang mga naroroon ang pasigaw na pagtawag ni Peping kay Margarita. Nguni't iyon ay hindi niya pinansin. Ang kailangan niya'y makausap nang sarilinan si Margarita. Kailangang-kailangan, sapagka't marami siyang uusisain.

Nang hindi man lamang siya nilingon ni Margarita, naisipan niyang ito'y sundan. Kumilos siya agad. Sinundan niya si Margarita. Huminto si Margarita. Lumapit si Peping.

—Margarita, bakit ka nagkakaganyan sa akin? —tungad na tanong ni Peping.

Sa halip na tumugon, si Margarita ay napayuko lamang.

—May nagawa ba akong pagkakasala sa iyo upang.. —patuloy ni Peping.

—Wala... —mahinang tugon ni Margarita.

—Iyan din ang pagkakaalam ko. Pero, bakit...

—Alam mo na, Peping. Sapagka't iniibig ka ng aking kapatid, —tuwirang tugon ni Margarita.

—Pero batid mo namang hindi ko siya iniibig!

—Kailangang ibigin mo siya, Peping!

Pagkasabi niyon ay aalis na sana si Margarita, nguni't nahawakan siya sa bisig ni Peping.

—Hindi mo lang nalalaman, Margarita, sa pag-ibig mo naroon ang aking buhay. Kung mawala ka sa akin, wala naring kahulugan ang buhay kong ito. Kaya naman tiniis kong maglakad gabi't araw sa paghahanap sa iyo... sapagka't batid kong ang aking hinahanap ay ang aking buhay, ang aking kaligayahan, ang aking tanglaw, na siyang maghahatid sa akin sa rurok ng kaligayahan at kaluwalhatian! —mahabang sabi ni Peping.

—Jose... —mahinang sabi ni Margarita, saka napayupyop sa dibdib ng binata.

—Mula ngayon, hindi ko na tutulutang magkahiwalay tayo!

—Nguni't paano mo patutunayan ang pagmamahal mo sa akin?

—Isasama kita sa aming lala-

wigan — ipakikilala kita sa aking ina — at pakakasal tayo sa lalong madaling panahon!

(ITUTULOY)

## CRISTINA...

(Buhat sa pahina 68)

ay nag-aaral siya sa Centro Escolar University. Noong una ay ayaw ni Cristinang mag-artista, subali't dahil sa himok ni Gerry de Leon ay napahinuhod na rin siya. Sadyang mapalad si Cristina, sapagka't sa kanyang kaunaunahang paglabas sa pelikula ay hindi na siya naging ekstra o bit player, kaya, kundi isang ganap na bituin na katambal si Leopoldo Salcedo, sa pelikulang "Saigon". Ang pelikulang ito ay kuhang lahat sa Vietnam.

Kung sa sukatan sa pagtatagumpay ng isang bituin ay ang kanyang anyo, tindig, kilos at pagbigkas ng salita, walang alinlangang si Cristina Pacheco ang nakatutugon sa sukatan iyon.

## RUDY...

(Buhat sa pahina 50)

ikapat, sa mga hukuman, sapagka't sa mga sandaling iyon, kung siya'y wala sa tatlong unang aming binanggit, siya'y maaaring nakikipagbalitaktakan sa ibang manananggol.

Nguni't huwag naman ninyong hinalaing si Rudy ay wala nang ibang pook na nararating kundi ang aming mga tinuran. Madalas siyang sumama kina Dr. at Gng. Jose Perez, kasama ng ibang mga bituin, sa pagliliwaliw sa iba't ibang magaganda at makasaysayang pook dito sa Pilipinas. •

BIBIGYAN namin ng isang magandang *tip* ang kadalagahan. Kapag tinanong ang isang lalaking bituin, laluna kung ang nagtatanong ay isang babae, kung ang bituing iyon ay binata pa o may pananagutan na sa buhay, ang tiyak na isasagot ay *wala pa!* Mayroon din namang mga nagtatapat ng katotohanang hinggil sa kanilang katayuan sa buhay. Nguni't yaon ang mga bituing hindi na maikaila ang tungkol sa kanilang katayuan sa buhay. Hinggil kay Rudy Francisco, kami ang gumagarantiya na siya'y isang abugado at artistang binatang-binata. Nguni't saliwa naman ang ginagawa ni Rudy. Tuwing may magtatanong sa kanya, kung siya'y binata pa o may pananagutan na, ang sinasabi niya'y may pananagutan na siya, saka niya ngingitian ang nagtatanong sa kanya. Iya'y pagbibiro lamang ni Rudy.

ISANG magandang katotohanan pa ang mawiwika natin kay Rudy Francisco. Maaaring hinalain nating si Rudy ay marami ng salapi ngayon. Maaari nating sabihin iyan, sapagka't bukod sa siya'y isang taong titulado, siya'y isa pa ring bituin sa pinilakang tabing. Nguni't magkakamali tayo. Sapagka't sa palagay namin, si Rudy ay hindi magiging mayaman. Para sa kanya, ang salapi ay pabango lamang sa buhay ng isang tao. Halimbawa, sa kanya, higit ang kahalagahan ng pagtulong kaysa sa salapi. Kahi't walang ibabayad, ang isang kliyente ay kanyang ipinagtatanggol. Hindi niya inaalagata kung masusulit ang pagod niya sa pamamagitan ng salaping ibabayad sa kanya ng kanyang ipagtatanggol. Iya'y prinsipyo sa buhay ng isang taong kahanga-hanga.

SA PAGIGING asiwang lagi sa kanyang dalawang propesyon, paano mapag-uukulan ng panahon ni Rudy ang tungkol sa suliranin ng kanyang puso? Iyan kaipala ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, siya'y isa pa ring binatang may layang humanap ng babaing inaakala niyang karapatdapat mag-ingat ng kanyang pangalan at karangalan.

Kung sa bagay, natitiyak na rin naming isa kayo sa mga nakababatid na si Rudy ay naghahain ng pag-ibig kay Gloria Romero. Kung totoo, o hindi ang balitang iyan, siyang hindi namin masasabi. Ang kalahati ay maaaring totoo, at ang natitira pang kalahati ay maaaring hindi. Sa ibang kahulugan, ang hula ninyo, o ang paniwala ninyo, ay kasing-husay na rin ng sa amin.

Nguni't isang bagay ang aming titiyakin: nakaharap sa walang kahulilip na kaligayahan ang sinumang babaing magiging kabiyak ng puso ni Rudy Francisco. Nasa kanya na yata ang lahat nang katangiang maaaring hanapin ng isang babae sa isang lalaking nanaisin niyang maging katali ng buhay: mabait, maginoo, walang bisyo, mapitagan, mabini, titulado, bantog na artista, mapagkawanggawa sa kapuwa, mahabagin sa mahihirap, kaibigan ng lahat, mabuting makisama, at... naku, siguradong walang katapusan ito, kung isasalaysay namin ang lahat ng katangian ni Rudy Francisco. Ang lahat ng kanyang mga katangian ay sa iisang paraan na lamang namin sasabihin: siya'y isang mabuting Kristiyano!

—WAKAS—

## ABANDONADO

(Buhat sa pahina 42)

—amuki naman ni Flora.

Pagkatapos kumain, si Virgilio ay hindi na nagpahinga. Nagpaalam siya sa kanyang mga kapatid, idinahilang titingnan niya ang lupang inaalok sa kanya ng isang may bukid upang bungkalin. Wala siyang binanggit na anuman tungkol sa nangyaring pagkikita ni Ben, at sa mga bagay na kanilang pinagkayarian.

Ang pag-uwi ni Virgilio at ang hindi pagkakatanggap sa kanya sa pagsusundalo, ay nakapagpatiwasay sa kalooban ni Flora. Anuman ngayon ang mangyari ay hindi na siya lubhang nag-aalaala pagka't magkakasama na silang magkakapatid.

Patuloy ang matuling takbo ng mga araw. Bawa't sandaling magdaan ay nakakatumbas ng isang butil na ginto sa ganang kay Virgilio, na walang sinasayang na araw sa paghahanda ng bukid na ipinagkatiwala sa kanya ni Ben.

—Kung may panahon naman si Ben, siya'y lihim ding tumutulong kay Virgilio sa paghahanda na lupa, upang huwag gahulin, sa hinaharap na taniman.

Si Flora, na kadalasa'y siyang naghahatid ng pagkain kay Virgilio, upang ito'y huwag nang maabala sa gawain, ay wala pa ring kamalayan sa pagiging magkasama ng kanyang kapatid at ni Ben. Nasisiyahan na siya sa kasalukuyang takbo ng kanilang pamumuhay. Hindi na sila gaanong nagdadahop ngayon, pagka't madalas na siyang binibigyan ni Virgilio ng kailangang gugulin sa bahay, kahit na hindi siya dumaraing sa kapatid. Kung usisain naman niya si Virgilio, tungkol sa pinagkukunan ng kuwaltang iniuuwi nito, walang laging isinasagot ang kanyang kapatid, kundi inuutang daw sa kanyang kasama o pinagbibilhan kaya ng kanyang mga pananim na gulay.

Ang mga dating utang nila ay unti-unti nang nabayaran ni Flora, at naipagpapatuloy na rin nila ang pagbabayad ng kaukulang hulog sa Banko.

Lalo pang nalugod si Flora, nang sabihin sa kanya ni aling Clara,

(Sundan sa pahina 102)


KAIBIG-IBIG, KAHALIHALINANG KUTIS NA NAG-AANYAYA NG ROMANSA




Gawing sariwa makinis at kaibig-ibig ang inyong balat sa pamamagitan ng ORCHID FACE POWDER na tutugon sa kanyang puso.

*Mabibili sa lahat ng basar at tindahan.*